



Makinig Lamang kay Hesus

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Deut 26:4-10)

Konteksto ng pagsamba

SINABI ni Moises sa bayan: ⁴“Ang mga unang bungang inyong iaalay ay kukunin ng saserdote at ilalagay sa harap ng altar.

Si Abraham, isang pagala-galang Arameo, magiging dakila

⁵Pagkatapos ay saysayin ninyo ito sa harapan ng Panginoon: ‘Isang pagala-galang Arameo ang aming ninuno. Maliit ang kanyang sambahayan nang magpunta sila sa Egipto upang doon makipamayan. Nguni’t dumating ang panahon na ang angkan niya’y naging malaki at makapang-yarihang bansa.

Pagkakaalipin sa Egipto

⁶Hindi mabuti ang ginawang pakikitungo sa amin ng mga Egipcio. Pinahirapan nila kami at inalipin. ⁷Kaya, dumulog kami sa inyo, Panginoon, Diyos ng aming mga ninuno. At dininig ninyo kami. Nakita ninyo ang aming pagdurusa, ang kahirapan at kaapihang dinaranas.

Dakilang kabutihan ng Diyos

⁸Sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan, ng mga kakila-kilabot na gawa at mga kababalaghan, inalis ninyo kami sa Egipto ⁹at dinala sa lupaing itong sagana sa lahat ng bagay.

Paanyaya na sambahin ang Diyos

¹⁰Kaya, narito ngayon, Panginoon, ang unang



bunga ng aming mga pananim sa lupaing ibinigay mo sa amin.” Pagkasabi noon, ang dala ninyo’y ilalagay sa harap ng altar, saka kayo luluhod upang sambahin ang Panginoon.

Tema: **Ang Kabutihang Loob ng Diyos sa Israel**

PAGPAPALIWANAG

- Sa teksto, si Moises ang nagsasalita. Ang Aklat ng Deuteronomio ay itinuturing na sermon ni Moises, bago pumasok ang mga Israelita sa Lupang Pangako (b. 4).
- Ipinapaalala ni Moises sa mga Israelita kung ano ang kanilang ginawa habang sila ay nasa Lupang Pangako.
- Upang kilalanin ng Panginoon ang kanilang ama(naglalakbay na Arameo), na nagkaroon ng hamak na simulain bilang isang dayuhan sa Egipto, ngunit naging isang dakila (b. 5)- tanda ng biyaya ng Diyos.
- Ipinapahayag ang inggit ng mga taga-Egipto sa pamamagitan ng katanyagan, pang-aapi, pagpapahirap, pang-aalipusta (b. 6)—kasalanan ng pagkamainggitin.

- Upang ipakita na ang Diyos ay nakikinig sa kanilang kalagayan (kabiguan, pagkalumbay, mabigat na gawain at kahirapan).
- Upang ipahayag ang pinakamakapangyarihang gawa ng Diyos:
 - Inilabas Niya sila sa Egipto taglay ang kagilangilalas na tanda.
 - Dinala Niya tayo sa bansang ito: Lupang Pangako, “lupaing nag-uumapaw sa gatas at pulut-pukyutan=kasaganaan (b. 8).
- Sa b. 8 sinasabi ang makatwirang gawin: pag-samba, kilalanin ang Diyos.

PAGNINILAY

Ipinaaalala sa atin ang kababaan ng Israel, ang pagsisimula sa maliit at pagtatapos na dakila. Ang kasaganaan ay tanda ng nag-uumapaw na biyaya ng Diyos. Kung kaya, sinumang nakararanas ng biyaya ng Diyos ay marapat na sambahin siya.

SALMONG TUGUNAN (Slm 91) POON KO, AKO’Y SAMAHAN SA DUSA AT KAHIRAPAN.

IKALAWANG PAGBASA (Rom 10:8-13)

Ipinangaral ang salita ng pananampalataya

MGA KAPATID: ⁸Ito ang sinasabi ng Banal na Kasulatan, “Malapit sa iyo ang salita, nasa iyong mga labi at nasa iyong puso,” ibig sabihin’y ang salitang ipinangangaral namin tungkol sa pananampalataya.

Ang nilalaman ng salita ng pananampalataya at ang bunga nito

⁹Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Hesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. ¹⁰Sapagka’t nananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo’y napawawalang-sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayo’y naliligtas. ¹¹Sinasabi ng Kasulatan, “Hindi mabibigo ang sinumang nananalig sa kanya.” ¹²Walang pagkakaiba ang katayuan ng Judio at ng Griego. Iisa ang Panginoon ng lahat at siya ang nagkakaloob ng kanyang kayamanan sa lahat ng tumatawag sa kanya. ¹³Sapagka’t sinasabi

sa Kasulatan, “Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon.”

Tema: **Pananampalataya kay Hesu-Kristo**

PAGPAPALIWANAG

- Isinaayos ni San Pablo kung ano nga ba ang ibig sabihin ng salita:
- Na ang salita ay salita ng pananampalataya at ipinahayag ng mga apostol.
- Ang nilalaman ng salita ay si Hesus ang Panginoon. Ang Diyos ang nagbangon sa kanya mula sa kamatayan.
- Ang bunga ng pananampalataya o pagtanggap nito: kaligtasan. Ikaw ay maliligtas (bb. 9 at 13), ligtas na (b. 10), at hindi malalagay sa kahihyan (b. 11).
- Hindi mahalaga kung Hudyo man o Griyego: Ang Panginoon ay Panginoon ng lahat. Iniaalay Niya ang kaligtasan para sa lahat ng naniniwala sa Kanya. Ang kaligtasan ay para sa sangkatauhan.
- Hindi tinatanggihan o pinagkakaitan ang sinumang naniniwala at tumatawag sa kanyang pangalan.

PAGNINILAY

Sa kaligtasan, dadalhin tayo ng pananalig sa kanya, anong lahi man tayo kabilang.

MABUTING BALITA (Lc 4:1-13)

Tagpo (pagkatapos ng binyag)

NOONG panahong iyon: ¹Umalis si Hesus sa Jordan, puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu doon sa ilang, ²at sa loob ng apatnapung araw ay tinukso ng diyablo. Hindi siya kumain sa buong panahong iyon, kaya’t gutom na gutom siya.

Unang tukso at ang tugon ni Hesus

³Sinabi sa kanya ng diyablo, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos, iutos mo na maging tinapay ang mga batong ito.” ⁴Nguni’t sinagot siya ni Hesus, “Nasusulat, ‘Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.’”

Ikalawang tukso at ang tugon ni Hesus

⁵Dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na lugar at sa isang saglit ay ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian ng sanlibutan. ⁶“Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kapangyarihan at kadakilaan ng mga kahariang ito,” wika ng diyablo. ⁷“Ipinagkaloob ito sa akin at maibibigay ko sa kaninumang ibigin ko. Kaya’t kung ako’y sasambahin mo, maging iyong lahat ito.” ⁸Sumagot si Hesus, “Nasusulat, ‘Ang iyong Diyos at Panginoon ang sasambahin mo, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.’”

Ikatlong tukso at ang tugon ni Hesus

⁹At dinala siya ng diyablo sa taluktok ng templo ng Jerusalem, at sinabi sa kanya, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka, ¹⁰sapagka’t nasusulat, ‘Ipagbibilin niya sa kanyang mga anghel na ingatan ka,’ ¹¹at ‘Aalalayan ka nila, upang hindi ka matisod sa bato.’” ¹²Subalit sinagot siya ni Hesus, “Nasusulat, ‘Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos!’”

Pagkatalo ng demonyo at ang pagbabalik nito

¹³“Pagkatapos siyang **tuksuhin** ng diyablo sa lahat ng paraan, ito’y umalis at naghintay ng ibang pagkakataon.

Tema: **Ang Pagtukso kay Hesus**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay tungkol sa pagtukso kay Hesus.
- Ito ay mas kilala bilang ang tatlong pagtukso kay Hesus, ngunit tingnan ang huling talata.
- Ang unang pagtukso ay tungkol sa madaliang pagtugon sa materyal na pangangailangan.
- Ang pagtugon ni Hesus ay kailangang magdala ng kahihyan sa sinumang ang isipan ay laging nakatuon sa pagkain, at pagkakaroon ng mga materyal na pinanghahawakan.
- Matuto dapat silang makinig sa salita ng Diyos na nagbibigay-buhay.
- Ang ikalawang pagtukso ay tungkol sa masidhing paghahangad sa kapangyarihan at paghahari.
- Ang pagtugon ni Hesus ay magdala nawa ng kahihyan sa sinumang pinapalawak ang nasasakupan at kapangyarihan, idagdag pa ang pagbalewala sa tunay na Diyos (pagsamba sa demonyo = paggawa ng masama).

- Ang buhay ay hindi lamang pagkakaroon ng mga bagay na gusto mo na minsan ay nakukuha mo sa masamang paraan, pati paglimot sa Diyos. Huwag mong isakripisyo ang Diyos.
- Ang ikatlong pagtukso ay tungkol sa masidhing paghahangad sa kasikatan.
- Ang pagtugon ni Hesus ay nagtuturo sa mga nabibighani sa paggawa ng pangalan at katan-yagan. Hindi dapat nating ilagay sa panganib ang ating buhay upang magkaroon lamang ng kasikatan at popularidad. Huwag nawa nating isipin na tutulungan tayo ng Diyos kung inilalagay natin sa panganib ang ating mga sarili. Ang Diyos ay hindi tanga. Kaya huwag kang maging tanga.
- Mula sa Kasulatan ang mga tugon ni Hesus. Maging ang demonyo ay gumamit din ng kasulatan upang tuksuhin si Hesus.

PAGNINILAY

Laging naririto ang tukso. Lagi tayong natutukso sa iba’t-ibang materyal na mga bagay at yaman. Ang kasakiman ay mekanismo na nasa pag-iisip ng tao na dapat makontrol.

Madalas tayong natutukso na ipagmalaki ang ating mga yaman (bagong mamahaling damit, bagong cellphones, bagong sasakyan, bagong mga pag-aari at kapangyarihan, at iba pa).

Ngunit maaari nating tanggihan ang tukso kung gugustuhin natin. Paano?

II. PAG-UUGNAY

Nasa panahon na tayo ng kuwaresma ngayon at hinihikayat tayong sugpuin ang masama. Layunin ng Unang Pagbasa na kilalanin natin ang Diyos na gumawa ng mga mabubuting bagay. Siya lamang ang ating sambahin at hindi ang mga diyos-diyosan. Ipina-alaala sa atin ng Ikalawang Pagbasa na ituon lamang ang ating paniniwala kay Hesus na ating Panginoon. Siya ang ating Panginoon at wala ng iba pa. Sinasabi naman sa atin ng Ebanghelyo na daigin ang tukso. Hayaan nawa natin na manguna ang Diyos sa ating buhay sa patnubay ng Espiritu at wala ng iba, masidhing paghahangad at kagustuhan.




III. SALAMIN NG BUHAY

Ngayon ay Linggo ng mga Migrante. Ano ang mga mabubuting bagay ng ipinagpalit ng ating mga OFW upang makapagtrabaho lang sila sa ibang bansa?

Sa paanong paraan nagiging tagapagpalaganap ng pananampalatayang Kristiyano ang mga Pilipino sa ibang bansa? (HM).

Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Michael Recinto

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



(Pangwakas na Panalangin)

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maaari pong mag-donate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)